

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Muling pasisimulan ng Brampton Transit ang mga pamasaha at pagsakay sa harap, at gagawing mandatory ang di-medikal na mga mask, simula Hulyo 2

BRAMPTON, ON (Hunyo 3, 2020) – Sa araw na ito, inanunsyo ni Mayor Patrick Brown at ng Brampton Transit ang bilang ng mga pamamaraan bilang bahagi ng plano ng Lungsod ng Brampton sa muling pagbubukas at pagbangon. Simula Huwebes, Hulyo 2, ibabalik ang pagbabayad ng pamasaha at pagsakay sa harap. Kasunod ng matinding rekomendasyon ng Peel Public Health at ng Pamahalaan ng Ontario na magsuot ng mask sa mga pampublikong sasakyan, magiging mandatoryo para sa mga rider at operator ng Brampton Transit na magsuot ng hindi medikal na mga mask sa mga bus at mga terminal simula Hulyo 2.

Ang kalusugan at kaligtasan ng mga rider at staff ay ang nangungunang prayoridad ng Brampton Transit at ng Lungsod ng Brampton, at ang mga pagbabagong ito ay ipapatupad habang tinitiyak ang dalawa.

Pagbabayad sa pamasaha

Ang bayad sa pamasaha ay kakailanganin sa lahat ng mga bus ng Brampton Transit simula Hulyo 2. Hinihikayat ang mga rider na gamitin ang kanilang PRESTO card para magbayad sa kanilang pamasaha bilang paraan ng walang pisikal na kontak na pagbabayad. Para sa kumpletong detalye sa mga pamasaha, [i-click dito](#).

Ang pagbibigay ng madaling nasasakyang transit para sa mga senior ay nananatiling nangungunang prayoridad para sa Lungsod, at sa epekto ng COVID-19, ang lahat ng mga petsa ng pagkapaso ng aktibong senior ID card ay pinawalan nang bisa hanggang sa di-tiyak na panahon. Ang mga Counter ng Customer sa mga transit terminal ay muling magbubukas bago ang Hulyo 2. Magbibigay kami ng mga update kapag available na ang mga ito.

Inaantala ang mga pagbabago sa pamasaha sa 2020 hanggang sa karagdagang abiso.

Pagsakay sa Harap

Papayagan ng Brampton Transit ang lahat ng pasahero na sumakay sa mga bus sa pamamagitan ng mga pintuan sa harap umpisa Hulyo 2. Ang mga rider ay lalabas sa pamamagitan ng mga pintuan sa likod. Pinaalalahanan ang mga customer na panatilihin ang mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba sa pamamagitan ng pananatiling dalawang metro (anim na piye) ang layo mula sa iba, na hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay, at na umubo at bumahing sa kanilang siko.

Hindi medikal na mga mask

Kasunod ng matinding rekomendasyon ng Peel Public Health at ng Pamahalaan ng Ontario na magsuot ng mask sa mga pampublikong sasakyan, ang hindi medikal na mga mask ay mandatoryo para sa mga rider at operator ng Brampton Transit sa mga bus at mga terminal simula Hulyo 2.

Kahit na magiging mandatory ang mask, ang mga batang wala pang dalawang taong gulang, o mga batang may kapansanan o ibang mga medikal na kondisyon na pumipigil sa kanila sa pagsusuo ng mask ay hindi kakailanganing magsuot nito.

Para sa karagdagang impormasyon kaugnay ng mga hindi medikal na mask, kabilang ang kung paano isuot ito nang wasto, ikasya, tanggalin, at linisin ang iyong hindi medikal na mask, bumisita sa [website](#) ng Peel Public Health at sa [website](#) ng Pamahalaan ng Ontario.

Mga pamamaraang pangkaligtasan sa COVID-19

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na magpatuloy sa paglayo mula sa iba sa mga bus, at sa mga terminal, at sa mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask. Pinaalalahanin din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant, tulad ng hand sanitizer o wipes, kapag nagbibiyahe, hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko.

Sa gabay mula sa Peel Public Health, hinihikayat ng Lungsod ng Brampton ang lahat na magsuot ng hindi medikal na mask, lalo na sa mga lugar kung saan maaaring mahirap ang paglayo mula sa iba. Nakikipagtulungan nang mabuti ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa mga regular na update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update ng serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Contact Center ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Mga Quote

“Kailangang magtulungan tayo para mapanatiling ligtas ang ating mga sarili at ang isa’t isa sa panahon ng COVID-19 pandemic. Kung ikaw ay isang rider ng Brampton Transit, hinihikayat kita na kumuha at magsuot ng hindi medikal na mask sa mga bus at sa mga terminal, at sundin ang mga patnubay ng Peel Public Health at ng Pamahalaan ng Ontario sa kung paano wastong isuot, ikasya, tanggalin at linisin ang iyong hindi medikal na mask para sa kalusugan at kaligtasan ng lahat.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagpapanatili sa mga residente na ligtas na gumagalaw sa panahon ng COVID-19 ay isang prayoridad para sa Konseho ng ating Lungsod. Ang mga karagdagang pangkaligtasang hakbang na ito para sa staff at mga rider ng Brampton Transit ay nagtitiyak na pinanatili natin ang transit na isang ligtas na opsyon habang ginagawa ng Lungsod ang kritikal na mga hakbang para sa muling pagbubukas ng ating Lungsod.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5; Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagbibigay ng nakalulusog at ligtas na serbisyo sa transportasyon para sa ating komunidad. Ginagawa ng Brampton Transit ang lahat ng kailangang mga

hakbang para muling pasimulan ang mga pamasaha at pagsakay sa harap, at ipatupad ang mandatoryong hindi medikal na mga mask sa isang nakalulusog at ligtas na paraan na may patnubay mula sa Peel Public Health at sa Pamahalaan ng Ontario.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca